

Kung ikaw ay nasa panganib na masaktan ang paa sa iyong lugar ng trabaho, dapat kang magpatupad ng programa para sa proteksyon sa paa para sa kaligtasan.

Bukod sa fashion o personal na istilo, ang pagpili ng naaangkop na kasuotan sa paa ay mahalaga para mapigilan ang parehong mga posibleng panganib at mga aksidente sa trabaho. Ang pagsusuot ng tamang uri ng kasuotan sa paa ay hindi lang pinoprotektahan ang mga empleyado sa mga pinsala pero pinaganda rin ang kanilang ginhawa at kabuuang kapakanan sa mahahabang oras ng pagtatrabaho. Ang tamang sapatos o boots ay maaaring magbigay ng katatagan, suporta, at proteksyon sa mga partikular na panganib sa lugar ng trabaho, ginagawa ang mga ito na mahalagang aspeto ng mga protokol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

Pagpili ng Kasuotan sa Paa

1. Tukuyin ang mga panganib na kabilang para sa bawat trabaho sa pamamagitan ng pagkumpleto ng pag-assess ng panganib.
2. Tukuyin ang pangunahing pamantayan na kinakailangan para protektahan ang manggagawa.
3. Isulat at ipaalam ang mga kinakailangan sa programa (inirerekomenda ang pagtuturo/pagsasanay).
4. Pumili ng mga kumportableng sapatos!

PAG-ASSESS NG PANGANIB

Mga Panganib na Dapat Isaalang-alang

Panganib sa Kaligtasan

- » Mga bagay na nahuhulog sa o tumatama sa mga paa.
- » Ang matatalas o matutulis na mga bagay na maaaring maputol ang itaas na bahagi ng mga paa.
- » Mga bagay na maaaring mabutas ang ilalim o gilid ng paa.
- » Materyal o kagamitan na maaaring gumulong sa paa.
- » Pagkaka-expose sa umiikot o abrasive na makinarya

Pisikal na Panganib

- » Uri ng nilalakaran ibabaw (mga pagdulas at pagkatisod)
 - o Maluwag na Takip sa Sahig
 - o Makinis na mga Ibabaw
 - o Basa/Malangis
- » Pagkaka-expose sa matinding init o lamig.
- » Panganib ng kontak sa mga may enerhiyang conductor.
- » Mga posibleng sumasabog na atmosphere (mga static electrical discharge).
- » Mga sensitibong elektronikong component o kagamitan (discharge ng static electricity).

Kemikal at Biyolohikal na Panganib

- » Tubig o iba pang likido na maaaring pumasok sa kasuotan sa paa.
- » Pagkaka-expose sa corrosive o nakakairitang mga substance.

Ergonomic na Panganib

- » Pagtayo o pag-upo nang matagal.
- » Mga stress sa paa dahil sa kontak.
- » Pananakit ng likod, baywang, tuhod at bukong-bukong (matindi hanggang sa hindi gumagalang).

Mga Kontrol (PPE) na Dapat Ipatupad

Pag-isipan kung saan at kailan kailangan ng mga partikular na uri ng kasuotan sa paa. Ang mga ito ay mga halimbawa ng uri ng kasuotan sa paa na maaaring italaga sa lugar ng trabaho para protektahan ang mga manggagawa sa mga panganib.

- » Bawal ang mga perforated (may butas) na sapatos, sandalyas at mga katulad nito.
- » Hindi dapat lumampas ang mga takong sa 1 pulgada at dapat may hindi bababa sa 1" square base sa takong.
- » Sapatos na hindi nakalabas ang mga daliri sa paa.
- » Boots na pantrabaho, partikular sa pamantayan (tingnan ang tsart sa susunod na pahina)

Mga Payo tungkol sa Fit

- » Subukan ang mga bagong boots sa kalagitnaan ng araw, karaniwang namamaga ang mga paa sa araw.
- » Ilakad ang bagong kasuotan sa paa para matiyak na kumportable ito.
- » Ang boots ay dapat may lugar para sa mga daliri, HUWAG asahan ang kasuotan sa paa na mabanat dahil sa paggamit.
- » Maglaan ng mga pagitan para sa dagdag na medyas o espesyal na mga suporta sa arko kapag bumibili ng boots.
- » Dapat kasyang kasya ang boots sa takong at bukong-bukong kapag may sintas.
- » Isintas mabuti ang boots.

May Kaugnayang Lehislasyon

Pederal

- » Mga Regulasyon ng Canada sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho
 - o Bahagi XII Kagamitan para sa Proteksyon at Iba pang Hakbang na Pang-iwas (12.11 Kasuotan sa Paa na Nagbibigay ng Proteksyon)

Panlalawigan

- » Manitoba Workplace Safety and Health Act
 - o 45.2 HINDI TAMA O HINDI LIGTAS NA KASUOTAN SA PAA
- » Regulasyon sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho
 - o Bahagi 6 PPE (6.12 Kasuotan sa paa: mga responsibilidad ng mga employer at manggagawa)




» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.


Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street, Winnipeg, MB R2X 2P5

Anong Uri ng Kasuotan sa Paa sa Trabaho ang Kailangan?

Pagkontrol Ng PPE – Pagpili Ng Kasuotan Sa Paa Na Pangkaligtasan

Pagmamarka	Mga Pamantayan	Nilalayan na Paggamit
 Berdeng Tatsulok	Proteksyon sa butas sa suwelas, Grade 1 na nagpoprotektang toecap.	Mga kapaligiran na para sa mabigat na industriyal na gawain, kung saan mayroong matatalas na bagay.
 Dilaw na Tatsulok	Proteksyon sa butas sa suwelas, Grade 2 na nagpoprotektang toecap.	Mga kapaligiran na para sa hindi mabigat na industriyal na gawain, kailangan ng proteksyon sa pagkabutas pati rin ng proteksyon sa daliri sa paa.
 Asul na Parihaba	Grade 1 na nagpoprotektang toecap na walang suwelas na hindi nabubutas.	Ang mga kapaligiran para sa industriyal na gawain ay hindi nangangailangan ng proteksyon sa butas.
 Grey na Parihaba	Grade 2 na nagpoprotektang toecap na walang suwelas na hindi nabubutas.	Mga industriyal at di industriyal na kapaligiran sa trabaho na hindi nangangailangan ng proteksyon sa pagkabutas.
 Puting Parihaba Orange Omega	Kasuotan sa paa na nagpoprotekta para hindi makuryente.	Mga industriyal na kapaligiran sa trabaho kung saan maaaring magkaroon ng kontak sa live na mga may kuryenteng conductor. Babala: Nasisira ang resistance sa kuryente dahil sa labis na paggamit at sa basang kapaligiran.
 Dilaw na Parihaba Itim na SD	Static-dissipative na kasuotan sa paa.	Mga industriyal na kapaligiran sa trabaho kung saan gumagawa ng panganib ang static discharge. Babala: Hindi dapat gamitin ang kasuotan sa paa na ito kung saan maaaring magkaroon ng kontak sa mga live na may kuryenteng conductor.
 Dilaw na Parihaba Itim na SD+	Proteksyon sa butas sa suwelas na may Grade 2 na nagpoprotektang toecap.	Mga industriyal na kapaligiran sa trabaho kung saan gumagawa ng panganib ang static discharge. Babala: Hindi dapat gamitin ang kasuotan sa paa na ito kung saan maaaring magkaroon ng kontak sa mga live na may kuryenteng conductor.
 Pulang Parihaba Puting C	Kasuotan sa paa na maaaring gumawa ng kuryente.	Mga industriyal na kapaligiran sa trabaho kung saan gumagawa ng panganib ang mga maliit na pagbabago sa kuryente. Babala: Hindi dapat gamitin ang kasuotan sa paa na ito kung saan maaaring magkaroon ng kontak sa mga live na may kuryenteng conductor.
 Itim na Parihaba Puting M	Proteksyon sa mga buto sa paa. Tandaan: Kailangan ng proteksyon sa daliri sa paa para sa lahat ng kasuotan sa paa na nagbibigay ng proteksyon sa mga buto sa paa.	Mga industriyal na kapaligiran sa trabaho kung saan maaaring masaktan ng mabibigat na bagay ang mga buto na bahagi ng paa.
 Puting Parihaba Berdeng Puno	Nagbibigay ng proteksyon kapag gumagamit ng mga lagari.	Mga manggagawa sa gubat at iba pa na nagtatrabaho sa o sa paligid ng mga hand-held na lagari at iba pang gamit na pamputol.



Naghahanap ng mga mapagkukunan ng impormasyon at tulong? Makakatulong ang RPM! Ibinibigay namin ang mga sumusunod na kurso bilang eLearning na pagsasanay para matuto mag-isa:

- [Pagsasanay sa Inspeksyon sa Lugar ng Trabaho](#) (sa Ingles lang)
- [Pagtukoy ng Panganib at Pagkontrol ng Panganib](#) (sa Ingles lang)
- [Mga Pagdulas, Pagkatisod, Pagtumba, Sprain at Mga Strain](#) (sa Ingles lang)

Kontakin kami para alamin pa ang tungkol sa kung paano makakatulong ang RPM sa iyong kumpanya ng truck sa Manitoba!
Telepono: 204-632-6600 Web: www.rpmsafety.ca Email: info@rpmsafety.ca